

Vim Nadera

# RIZAL
# PABETO

Elmer Borlongan





Ang aklat na ito'y pag-aari ni:

______________________________



Tula ni

VIM NADERA

# RIZAL PABETO

Dibuho ni

ELMER BORLONGAN

Unang inilathala ng CANVAS
(Center for Art, New Ventures and Sustainable Development)
#1 Upsilon Drive Ext. corner Zuzuareggui St., Alpha Village,
Diliman, Quezon City, Philippines 1101

Karapatang-ari ©2011 ng CANVAS
Reserbado ang lahat ng karapatan.

Hindi maaaring kopyahin ang aklat na ito, o alin man sa mga bahagi nito, sa anumang anyo, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala. Maaaring ipadala ang mga katanungan sa CANVAS, #1 Upsilon Drive Ext. corner Zuzuareggui St., Alpha Village, Diliman, Quezon City, Philippines 1101,
o mag-email sa info@canvas.ph.

Unang imprenta, 2012, Republika ng Pilipinas
Ikalawang imprenta, 2013

Aklat disenyo ni Daniel Palma Tayona, sa tulong ni Matthew Justin Bernard Z. Fernandez
Pinamatnugutan at iwinasto ni Annette A. Ferrer
Mga tula ni Vim Nadera / Mga dibuho sa iPad ni Elmer Borlongan

National Library of the Philippnes Cataloging-in-Publication Data

Recommended Entry:
RIZALPABETO / ni Vim Nadera;
inilarawan ni Elmer Borlongan.
Quezon City : CANVAS, c2012
Filipino text
64 pp.

I. Poetry, Philippine / Children's book (Filipino) II. Nadera, Vim
III. Borlongan, Elmer IV. Title

ISBN number: 978-971-94975-4-7 (softcover)

*Para sa mga asawa't anak*



# Arte metrica del Tagalog

Ang sabi ng iba, masarap tumula
Ang sabi ni Rizal, kumporme sa tula;
May tula-tulaan, may tunay na tula,
Ang gusto n'yang tula: may sukat at tugma.

Ang sabi ng iba, marasap magsukat,
Ang sabi ni Rizal, kumporme sa sukat;
May pantig na dose, may linya na apat
Ang gusto n'yang sukat: tulad kay Balagtas.

Ang sabi ng iba, masarap tumugma
Ang sabi ni Rizal, kumporme sa tugma;
Patinig na tugma, katinig na tugma,
Ang gusto n'yang tugma: may lakas at hina.

Ang sabi ng iba, masarap sumulat
Ang sabi ni Rizal, kumporme sa sulat;
May nakakatawa, may nakakaiyak,
Ang gusto n'yang sulat: daig pa ang tabak!

# Bagumbayan at bagong taon

Bisperas ng pista ng iyong pagharap sa bala,
Di ka nagbasa? O binasahan ka ng parusa?
May paring dila ang dala, may paring may estatwa
At medalyong tinapat: *"Ako po'y maka-Maria."*

Nag-gatas ka pa para sa paborito mong kape.
O nagpakitang-gilas ka kina Padre't Tenyente?
O baka dahil sa magandang balitang sinabi
Na ang pamilya mo ang bisitang pinakahuli?

Nakuha mo pang pagbigyan ang panayam sa iyo
Ng madre habang may pari na nasa gitna ninyo?
At may sa darating nga na Gobernador Luengong
Pilit pinagbabago ang buo mong pagkatao.

Nakipaghuntahan ka pa bago ka mananghali
At tinatakang "PROTESTANTE" ng dalawang pari.
Nasyonalista kang napakalamig daw ang labing
Salamin ng panata at pambihira mong gawi.

Pananghalian mo pa nga noon ay *Ang Imitasyon*
*Ni Kristo* ni a Kempis, Bibliya, at meditasyon.
Nang si Padre Balague't ang Arsobispo'y nagpulong,
Adarna ngang inabangan ng iyong retraksiyon.

Ala-una nang ikaw ay kanilang pinayagang
Bigyang-oras ang personal mong pangangailangan.
Pero pinagbigyan mo pa ang dalawa mong dalaw
Bago ka pa makapagbasa ng tulang Aleman.

Mabilis pa sa alas-k'watro ang iyong pagluhod
Sa iyong inang handang buhay ay ipagkaloob.
At sa kapatid na pinangakuan ng sapatos,
Libro, liham, at lamparang lihim ang nasa loob.

Pagkaalis ng dekano ng Katedral, dumating
Ang tugon ng bituin sa dasal mong si Josephine.
Kaya takbo ng orasan ay sandaling tumigil
Hanggang ang iyong huling hapunan ay inihain.

Pluma at papel ang hiling mo noong alas-diyes.
Naipit ka sa hati ng gabi nang napaidlip.
Sa gitna ng basa at sulat, iyong naisingit
Ang dasal at lagda para sa pag-iisang-dibdib.

Dasal din ang saksi sa lahat bago ka tumungo
Sa takdang pook at panahong winasak ng punglo.
*"Consummatum est"* ang iyong tuldok sa huling yugto
Sa Bagumbayan at Bagong Taong may bagong sugo!







# Calamba

At una kong nasilayan ang liwanag sa iyo
Noong ordinaryong ika-Labinsiyam ng Hunyo.
Sa taong Mil Otso Siyentos Sisenta y Uno,
Naging pula ang letra ng araw sa kalendaryo.

Halimbawang isinunod ako sa patrong santo,
Disin sana bininyagan na isang Romualdo.
Pero mas naghari ang karaniwang karpinterong
Asawa ni Maria at ama ni Hesukristo.

Sa laki ng ulo ko, si Nanay ay nagdeliryo.
Mabuti na nga lamang at totoong may milagro.
Sa awa ng Diyos, nang mabuhay kami pareho —
Naging deboto kami ni Tatay sa Antipolo.

Noon at doon, kapagdaka, ako ay natuto
Sa luwalhati't pighati ng isang biyahero.
Lumalaki ako kapag lumuluwas sa sentrong
Responsable sa mga ate kong nagkolehiyo.

Kung kay Mang Leon, ako ay natuto ng Latino
At iba pang kulturang kung turan ay Europeo —
Utang na loob ko sa Nanay na sa alpabeto
Ako sinanay hanggang sa maging disiplinado.

Dahil sa isang tiyo, katawan ko ay nagbago.
Dahil sa isa pang tiyo, ako ay tumalino.
At natutuhan ko, hindi lamang sa aking libro
Ang mapang-abuso noong Simbahan at Estado.

Kaya, pansamantalang iniwan ko lahat kayo
Upang, kahit paano, mapalawak ko ang mundo.
Masisisi mo ba ang kati sa talampakan kong
Dinala ako sa pinanggalingan kong nandito?

Ngayong ang paroroonan ko ang pinakadulo
Ng pagpapantay ng mga paa kong nagkakalyo.
Kahit man lamang sa huling dapithapon ko rito,
Tupdin ang pangarap kong ako ay mapatawad mo!

# Dapitan

At sa iyo ko ba nakilala ang pagdurusa?
Ang ipatapon sa iyong isla sa Zamboanga?
Dahil sa kapatiran ako raw ay nagkasala?
Kaya ba dagdag na kapatid ang aking parusa?

Natagpuan ko ang Calamba ko sa iyong ilog.
Natuklasan ko ang bago sa halaman at hayop.
Natutuhan kong maglingkod nang hindi nanggagamot.
Naimbento kong muli ang sarili kong nalimot.

Tinamnan ko ng salitang-ugat ang aking ulo.
At tumubo ako sa tulong ni Pontio Pilato.
Nakunan nga lang kami ng anghel kong si Francisco.
Naidugtong ko naman ang "Maligaya" sa "Pasko."

Ikaw ang pinasukan kong ayaw nang magpalabas.
Ikaw ang bilangguang walang iniwan sa bitag.
Ikaw ang kalayaang sa akin ay bumibihag.
Ikaw ang aking batas na di ko malabag-labag.

Subalit humantong na tayo sa takdang panahon
Kung kailan dapat sa iba ang pansin ituon.
At matutong sa ibayong dagat ipagpatuloy
Ang simulain kong nakulong sa apat na taon.

Mula sa bintana ng barkong patungong Maynila,
Ikaw ay lumiit nang lumiit hanggang mawala.
Ngunit sa aking mabigat na damdamin at diwa,
Magaan kitang dala sa maleta ng gunita.







# El filibusterismo

Kakulangan ba ang gatong ng gulat mo at galit?
Kung gutóm at uháw nga ang nauna mong panitik,
Mas kumakalam pa ba ang iyong puso at isip
Na mas tuyo pa sa balong walang katubig-tubig?

Kung kaya nga ba kahit batid mong sa tatlong paring
Minartir mo ito handog, hindi mo na mawari?
Ni sa edad nila, nakuha mo pang magkamali
Gayong pagdating sa pagbibilang, ikaw ang hari.

Tama bang kitlin si Elias at di si Ibarra
Sa mga panahong walang laman ang iyong bulsa?
Kaya ba bumawi kang may Simoung di repormista
Kundi rebolusyonaryo nang nalipasan ka na?

Sino ba sa inyo ang tunay na filibustero?
Mangyaring tumayo at itaya ang inyong ulo.
Baka ang tinutukoy mo ay kapuwa-indiong
Hindi Filipino? O baka kanilang gobyerno?

Umid ka na ba nang hindi ka na makapagbigay
Ng ambag sa La Solidaridad nina del Pilar?
O utal ka lang dahil sa iyong pinagsisihang
Pinagsasabi na ang lahat ay katotohanan?

Pero sagana ka naman sa iyong bungang-tulog
Kahit idinadahilan mo ang pagkabangungot.
Dinalaw ka raw, bago mag-beinte nuwebe anyos,
Ng mga kaanak mong malaon nang nasa puntod?

Marahil dahil sa kanila di ka na tumigil
O tumagal sa bantang *Huwag mo akong salingin!*
Sa ngalan ng lahat ng api, ikaw ang naningil
Ng utang sa bayan ng kabaya't dayong naniil.

Kung gayon, hindi poot o pagkamuhi ang sindi
Ng tindi ng mitsa mong ang dulo ay di sarili
Kundi ang sambayanang walang ibang inintindi
Kundi sagutin ang tanong: *SINO BA ANG BAYANI?*

# Francisco

Sa dinami-rami ng pangalan, bakit Francisco,
Mula pagkabata, umiikot ang aking mundo?
Magmula pa sa haligi ng tahanang Mercado
Magpahanggang sa tuhod sa kaniyang mga apo.

Sa una, galing ang dugong Tsinong nananalaytay
Na may lahing Negrito, Hapon, Espanyol, at Malay.
Franciscong aking akay ang kamay sa paglalakbay
Na maagang bumitaw nang paa ko ay magpantay.

May isang Francisco pa na kinilala kong ama
Bagamat padre siya hindi lamang ng pamilya.
Tatay ang turing ko sa kaniya sa eskuwela
Nang ipinaubaya ako sa mga Heswita.


Nang kaniyang binuklat ang isang banyagang aklat,
Payak kong mundong ito ay lumalim at lumawak.
Sa kaniyang paliwanag, lahat ay lumiwanag
At luminaw sa tinahak at tatahaking landas.

Francisco rin yaring sagot nang ako ay tinanong
Kung sino, sa akin, ang pinakadakila noon.
Baltazar at de San Juan ang mabilis kong tugon
Gayong ang makatang iyon lamang ang aking poon.

Naging Balagtas siya, naging Rizal ako dati
Kaya kung baga pinaghiwalay na kambal kami.
Kaya nga nang si Dulce Estranjera ay maglihi,
May pambinyag na ako sa supling ko kung lalake!







# Gomburza

May Manilenyo noong daig pa ang Kabitenyo
Nang sa Bacoor ginawa siyang kura paroko.
Guro siya sa pagsasaka at pagnenegosyo,
Na sumesentro lagi sa karapatang-pantao.

May Ilokano pang anak ng tenyenteng Espanyol
Na nang magpari, katutubo ang ipinagtanggol.
Sa Romano Katoliko, siya ang nagkampeon
At naging isang simbolo sa sekularisasyon.

May naging kaibigan siya na taga-Pandacan
Na kasabayan niya sa pag-akyat sa Katedral.
Sa Comite Reformado, sila ay naging kambal
Na sampal sa mukha ng makaluma pang Simbahan.

Kaya nang may nag-aklas sa arsenal sa Kabite
Sina Padre Gomez, Burgos, at Zamora ay huli.
Tatlong martir silang sa Bagumbayan ginarote
Ang sa mitsa ng patriyotismo ko ang nagsindi.

# Hongkong

Pinagdugtong mo ang Marseilles at ang dako pa roon
Kaya ba sa S.S. Melbourne humingi ka ng tulong?
O naaliw ka kay Madam de Block, kahit maalon,
Sa pagitan ng manggang-Colombo at leong-Saigon.

O nabaliw ka sa hanging sinlamig ng umaga?
Naalimpungatan mo na ba ang bulkang-Corcega?
O baka sa obispong sa Filipinas tumira?
Sapat ba ang dalawang dekada para humusga?

Pihadong inilibing ka nang buhay sa kuwento
Ng isang naturalista o realistang Ruso?
Ng sagutang-sulat ukol sa Hilagang Borneo?
Ng mga kampeong sa ahedres mo tinatalo?

Nang mamagitan na ang ulan sa lupa at langit,
Kapuwa-pasahero ay sinalakay ng sakit.
May mamang kumanta ng dalawang awiting Ingles,
Subalit, bilang doktor, ikaw lang ay nanahimik.

Walang imik ka lang bang nagdiwang ng karamdaman
Ng mga manlalakbay na walang kadangal-dangal?
Nagkibit ka na lang ba ng balikat nang ang bakal
Na kinakapitang parang patalim ay kalawang?

Naipit ka ba na Bernardo Carpiong ang kaliwa
Ay sa Templo ni Buddha na nananampalataya?
At sa kanan naman ay paniwalang-paniwala
Kay San Francisco sa gitna ng pagpapakasasa?

Kahit na ganito ang halaga ng paglalayag,
Bakit lagi kang may natatanaw na tabing-dagat?
O hinahanap mo lamang ang nalagot mong ugat
Kung bakit ka sa Hongkong madalas na tumatakas?

Wala ka nang ligtas sa Duddel, D'Aguilar, at Shelley
At iba pang kinilalang makasaysayang kalyeng
Tinahak mo at ng iyong paboritong pasyente.
Dahil ang dinaanan mo ngayon ay piping saksi!








# Indio

Sa Espanya, naranasan mong saksakin ng titig
At tadtarin ng kutya nang mapagkamalang Intsik.
Ngunit nang inakala nilang ikaw ay Hapones,
Bakit hindi ka nagalit sa mga taga-Paris?

Tulad ng suklam mo sa mga taong hindi alam
Kung sino ka at saan ang sinilangan mong bayan.
Nang may kababayan kang hindi mo naintindihan,
Ang sarili mo ba ang dapat mo ring kamuhian?

Dahil ba mutsatsa o musikero silang dayo
At hindi kagaya mong estudyanteng ilustrado?
Ikaw nga ba ay isa nang Europeanisadong
Artistang pinag-aral sa Pransiya ng mikado?

Makukuha mo pa kayang magsinungaling noon
At sa *preparar*, *apunten*, at *fuego* ay umurong?
Magagawa mo bang itatwa ang iyong kahapong
Sinukat sang-ayon sa tangos at tungki ng ilong?

Di na bago sa iyo ang laitin dahil pandak.
O ang hindi pansinin sapagkat sunóg ang balat.
Tampulan ng tukso ang noo mong napakalapad
Gayong ito raw ang sanhi kung bakit mapalad.

Eksposisyong pandaigdig ang iyong naalala
Noong katutubong Amerikano ay nagbida.
Nang ipinagyabang nila ang kutis nilang pula,
Minahal sila sa loob at labas ng Europa.

Kinabukasan, iyong kaibigan ay hinimok
Na bumuo ng isang samahang magtataguyod
Sa kaakuhan na ipinagkaloob ng Diyos.
At ito nga ay bininyagan mo: Indios Bravos!

# Josephine

Bulag ang iyong akay nang una tayong magkita
Nang mapagaling ko na ang kinilala mong ama
Ako naman ang nawalan ng aking mga mata
Dahil buwan ng puso nang tayo ay naging isa.

Itinapon tayo na natagpuan ang sarili
Matapos ilaan sa iba at isinantabi.
Muli ko itong nabawi nang ako ay nahuli
Ng matamis na banyagang hindi ako inapi.

Ni hindi mo iniwan ako at ang aking bayan
Nang ako ay pinaslang, patuloy kang nanilbihan.
Sinong espiya? Sino kang espesyal na dayuhan
Na di ko dinayo ngunit aking pinakasalan?

Nag-asawa ka raw muli nang ako ay yumao
At nagkasupling ng mga mestisa at mestiso?
Pero sino nga ba si Dolores na mukhang indio?
Siya ba ang bunsong kapatid ng ating Francisco?







# Katipunan

Nang mamatay ang La Liga Filipina, nabuhay
Kayo sa Kataas-taasan, Kagalang-galangang
Katipunan ñg ñgá Anak ñg Bayan kong mahal
Dahil mahalaga kayo sa aking talambuhay.

Kahit nagsanga ang landas natin sa pagbabago,
Nagawa pa ninyo akong ihalal na pangulo.
Gayong ito lamang ang naisagot ko kay Pio:
*"H'wag! Iya'y makasasama sa bayang Filipino!"*

Dapat ba akong humingi ng paumanhin, Andres,
Kung kahit sa akda ko tutol ako sa himagsik?
Ay, kaya nga ba tayo pinagsasabong na bulik
Dahil kung puti ako, sa pula ang iyong panig!

Salamat, sa kabila ng lahat, inyong tinanggap
Ang aking mga kapatid at ang aking kabiyak.
Sa nasaktan ko, humihingi ako ng patawad:
*"Kung kaya, tanggapin ninyo ang mahigpit na yakap."*

# La Liga Filipina

Mula sa malayo, ako ay lalong napalapit
Sa sinilangang bayan kong noon pa tumatangis.
Ang pinakauna kong hakbang sa aking pagbalik
Ay ang aking dinggin kung bakit siya humihibik.

Narinig ko ang kabayang nasa lusak ng dusang
Dulot ng kawalan ng katarungan at iba pa.
Hindi ko kaya ang palahaw para sa reporma,
Kaya nagbunga ito ng Kilusang Propaganda.

At La Liga Filipina ang aming naibunsod
Upang buuin ang bansa na nagkabukod-bukod.
Amin ngang sinimulan ang pagkakabuklod-buklod
Hanggang mabunyag lahat ang lihim naming pagkilos.

Hanggang ang aming kastilyo sa hangin ay nalipad
At, bilang parusa, sa Mindanao ako napadpad.
Ngunit kahit inilaglag ang La Solidaridad
Ang pagkakaisang lumaya ay di maaagas.







# Makamisa

Si Padre Agaton daw ay inatake sa puso
Nang kumulo nang kumulo ang bughaw niyang dugo
Sa isang panukalang-batas na nagpapahinto
Sa dami ng taong lumalago nang lumalago.

Presyon din diumano nitong si Kapitan Lucas
Ay biglaang tumaas nang tumaas nang tumaas,
Matapos niyang ipasa at ipasá ang batas
Na payag sa paraan ng pagbabawas ng anak.

Ikinuwento kasi ang lahat ni Aleng Anday
Ang klase ng mga paglalaglag sa kapariang
Nagpuyos nang di naghunosdili sa mga hakbang
Ng kapitan na nanganganib sa bagong halalan.

Ano man ang mangyari sa bayan ng mga api
Parating ang gobernadorcillo ay may kakampi
Kay Marcela na kaniyang paboritong katabi
Lalong-lalo na kapag nariyan na si Tenyente.

Dangan kasi, mahirap na talagang magtiwala
Diyan kay Tatong na inaasahang namamahala
Sa lahat daw ng guardia civil na nandaraya
Sa ngalan ni Kapitan Tibong may handang pabuya.

Naku, mabuti na lamang at noong eleksiyong
Nagdaan si Don Segundo ay karakang tumulong
Puksain ang papalaki nang papalaking apoy
Ng galitgit ng mamamayan kay Padre Agaton.

Lahat ng ito ay tumatakbo nang tumatakbo
Sa kasuluk-sulukan ng diwa at damdamin kong
Ipit na ipit sa nag-uumpugang mga bato
Ng di-magkasundo-sundong Simbahan at Estado!

# Noli me tangere

*"Maaari na akong pumanaw,"* ang iyong sabi
Nang iyong mailathala ang *Noli Me Tangere*.
Pinakahigante ba ito sa paghihiganti
Sa lahat ng halimaw na sa iyo ay umapi?

O sa mga duwendeng walang palabra de onor?
Makaraang palabasing silang lahat ay pabor.
Iyon pala ay kontra sa balak mong koleksiyon
Ng salaysay sa Filipinas kaya di natuloy.

Bukod kay Paternong naglimbag ng kaniyang *Ninay,*
Ikaw nga lamang ang nagsilang ng iyong panganay
Na nobelang *Spoliarium* ang alingawngaw
At Protestantismong Aleman ang isinisigaw.

Paano magkakaganoon ang obra maestra
Gayong ang kalahati ay tinapos sa Espanya,
Sangkapat sa Pransiya, sangkapat sa Alemanya?
May mas mahalaga pa ba kaysa tulong ni Viola?

Saka sa iyong mga labi mismo namutawi
Ang kuwento mo ay kuwento ng bayan mong sawi.
Dapat bang ang ugat nito ay sa labas ang sanhi
Kung nasa loob ang kaliluhang siyang naghari?

Kasaysayan lamang naman ito ng Filipinas
Sa humigit-kumulang gintong sampung taong singkad —
Bakit masusuklam ang kaparian na ang ulat
Ay eretiko't eskandaloso ang iyong aklat?

Mabuti si Padre Joseng may *Caiingat Cayo*
Ay tinapatan din ni Dolores Manapat ng *Caiigat Cayo*.
Mainam ding may paring nagsa-Justo Desiderio
Na iginagalang ang pagsusunog ng kilay mo.

Nang magising mo ang bansang mistulang nakalublob
Na kalabaw na hiyang sa putik ng pananakop.
Walang iniwan sa wika ng Panginoong Hesus
Nang mabuhay mag-uli mula sa Kaniyang puntod.





# Ñyora

Bagamat paggalang ito para sa amin,
Maaasahan pa rin kami na magsaing
O magluto ng pagsasaluhang pagkain
Kahit maghain at magligpit pagkakain.

Ni hindi rin kaming walo magpapahuli
Pagdating sa pagbili sa mga tiyangge.
Huwag ninyong kalimutan na bago kami
Naging "parang na berde," kami ay "palengke."

Dahil sa Nanay, sanay kaming maging nanay
Sa loob at labas man ng aming tahanan.
Para ano pa at kami ay taga-Bahay
Na Bato at babae na supling ni Lolay?

Nang kami ay pinag-aral sa Sta. Rosa,
Lahat daw ng kababaihan sa Laguna
Ay nangarap ding sa Maynila ipadala
Upang sa kumbento maging kolehiyala.

Si Saturnina'y magiging Gng. Hidalgo,
Gng. Lopez naman si Narcisang ikatlo.
Si Olimpia'y kilalang Gng. Ubaldo,
Si Lucia'y Herbosa na ang apelyido.

Nang si Maria'y nasa likod ni Daniel Cruz,
Nakasal si Choleng nang walang pahintulot.
Sina Trining, Josefa't ako'y nakihamok —
Kung bakit ngalan sa lalake isusunod!

# NGAYON

“Bakit ko dapat aralin ang *Noli Me Tangere*
At *El Filibusterismo*?” tanong ko sa sarili
Sa halip na naglalaro o nanliligaw kami
Hanggang gumanap ako bilang Pambansang Bayani.

Mula mababa hanggang mataas na paaralan,
Di ko siya ipinagpalit kahit kay Superman.
Subalit, natuklasan ko rin sa mga dayuhan
Sila ang pumili ng lahat ng ating “National.”

Baon ko ang pagdududa hanggang sa kolehiyong
Pinalawak ng pahina ang makitid kong mundo:
“Kung dito, ang mahirap ay nobenta porsiyento,
Dapat ang kinatawan natin ay di ilustrado?”

Pero, nang ako ay maging isang ganap na guro
At Kursong Rizal ang sa akin ay ipinaturo.
Noon at doon sa pampanitikan niyang anyo,
Parang nakatagpo ako ng palayok ng ginto.

Ngayon, itinuring ko siyang alagad ng sining
Na may angking klasikal at unibersal na galing.
Sa pagitan ng linya, nang matapos kong basahin,
Ang pagtingin ko sa sarili ay tumaas na rin!





# Orakulo

Lagi't lagi kitang tinatanong
At hindi ka naman tumutugon.

Solusyon mo man o suliranin,
Ito ba ang sagot mo na lihim?

Bakit mangkukulam ang pabalat?
Iyon ba ang iyong Filipinas?

Larawan ba ito ng Espanya?
A, baka bangungot ng pagpuntang

Cuba itong seryoso mong biro!
Umikot na trumpo itong laro.

Matapos na mawala ang malay,
Ako ay nagising sa Dapitan.

Natuklasan ko kina Paciano
Ang hula: tayo raw ang kodigo!

# Paciano

Di kita talaga masisisi
Kung sa buhay mo may ibang Jose.
Kahit noong hindi ko intindi
Ang mga nangyari sa Cavite.

Sa akin, wala kang maririnig.
O sa iba pa nating kapatid.
Lalo pa nang tayo ay nagpalit
Ng pangalan nang hindi madawit.

Katunayan, hindi mo lang alam
Kay-rami nang aking natutuhan.
Hindi lang mata ko ang nabuksan
Nang binuksan mo na ang simbahan.

May dahilan ba akong magtampo
Samantalang sa iyo pa ako
Humihingi ng aking sustento
Kahit tapos na sa kolehiyo?

Kaya pinagtiwalaan kita
Kahit sa pera ng Propaganda.
Kahit ang Katipunan nakita
Ang pagiging dakila mong kuya.

Salamat sa pagtakip sa aking
Hakbang at iba't ibang hakbangin.
Tinuruan mo akong maglihim
Kaya lahat ay isinaakin.







# Quiroga

Sa *El Filibusterismo* kita unang nakita
At hindi ko maiwasang sa iyo ay magduda.
Baka hindi lang ako sanay sa iyong hitsura?
O wala akong tamang ideya tungkol sa Tsina?

Dati, parang natanaw na kita na nakadapa,
Kalaro ang mga batang sa iyo natutuwa
Tuwing ikaw ang taya at tumatama ang sipa
Sa mata mong, sa tingin ko, di marunong lumuha.

Ikaw rin ba ang nasa ilalim ng Bapor Tabo,
Tumutulo ang laway, mukhang bangkay na mabaho?
O ikaw rin kaya ang mamang masarap magluto
Na tampulan ng biro dahil laging walang baro?

Kung ikaw nga sila, matagal na kitang nilimot.
Ibig kitang alalahanin sa bago mong ayos.
Salamin ka ng gintong dragon sa pula mong suot
Na kamisa na nagtatago ng apoy sa loob!

Di ako ang tipo ng taong iniimbita mo:
Wala akong kamuwang-muwang sa pagnenegosyo,
Wala akong unipormeng kagaya ng sundalo,
At wala akong poder o posisyon sa gobyerno.

Kaya wala ka man lamang mapapala sa akin.
Sa iyo, ako naman ay walang mahihita rin.
Pero, nakarating sa akin, ikaw ay malihim.
Dahil dito, karapat-dapat kang kaibiganin.

Diyan papasok ang aking pagkamaabilidad.
Walang iniwan ito sa aking mga inangkat
Na sa bodega mo ay patago kong itinambak.
Sinong mag-aakalang nag-iingat ka ng armas?

Ang katotohanan, wala nang iba pang dahilan
Kung bakit noon pa kita ibinaon sa utang
Upang singilin kita sa ibang pamamaraan
At nasubukan kong marunong ka namang tumanaw.

Sa tulad mo na ang opyo ay isang relihiyon,
At ang rebolusyon ay nakakulong lang sa sabong,
Kasalanan ba namin kung kami ay sumang-ayon
Na dito ikaw ang puno't dulo ng korupsiyon?

# Rizalista

Mula nang kayo po ay pumanaw, binuhay po namin kayo muli
Pagkat sa aming diwa't damdamin, ibig namin kayong manatili.
Kung kami man po ang mga bunga, kayo lamang po ang aming sanhi.
Kahit di po kami makabayad, ito na nga po ang aming sukli.

Parusa rin po ito sa amin kung  kasalanan po ang pagsamba
At pag-angkin po namin sa inyo — kahati man po namin ang iba.
Ang sarilinin po namin kayo ay wala po sa aming kartilya
Kahit kung ituring nila kami ay makabagong Katipunera.

Sa ganang-amin, kayo ang anak ng Diyos Ama o Bagong Hesus
Na dito ang Bagong Herusalem, dito sa sagrado naming bundok.
Dito masasalamin ang laya sa nakalugay po naming buhok
At barong simputi at simpuro ng amin pong mabababang loob.

Sa Luzon, Visayas, Mindanao po, o sa iba pang sulok ng mundo,
Magugunita rin daw po kayo sa inyong retrato at rebulto.
Mayroon pong pagbabalik-tanaw sa anyo ng lektura at libro.
At lahat-lahat ng pagdiriwang ng kaarawan ninyo pag Hunyo.

Ultimo nga pong adios ninyo hindi po namin kayang tanggapin
Kaya po ang pagpaslang sa inyo ay may tawag ng selebrasyon din.
Nagpása at nagpasá ng batas pati ang pamahalaan namin
Para pag-aralan namin kayo sukdang tuklasin ang inyong lihim.

Lolo Pepe, inyong pagdamutan nakayanan naming mga wala.
Wala po kaming maibibigay upang dakilain ang dakila.
Wala po kaming iba pang sadya kundi kayong bayani ng bansa —
Nawa, inyong dinggin ang dalangin — itong dinildil kong talinghaga!







# Sabah

Sa tulad mong peryodista, mahalaga ang trenta,
Kaya nang ikaw ay umabot sa tatlong dekada —
Di ilan ang namilog ang mata sa pagtataka
Kung ano ang nakain mo at natukso sa Sabah?

Nagsimula nga ba ang lahat noong isang Marso
Noong tumulak ka mula sa Cagayan de Joló?
Anong mayroon sa hangin o buhanging-Mindorong
May munting islang mabato't walang katao-tao?

Kung sa bagay, sa iyo ay walang nakaliligtas,
Nakatayo ka man, naglalakad o naglalayag.
Madali ka kasing mahumaling sa balod, batad,
Bakawan, limatik, padiak, ulalo't pagatpat.

Dahil ba sa dila ng taga-Tayabas, Maynila,
Zamboanga, Batangas, Ilocandia, at Bisaya?
O sa diwa ng mga kanta't kuwentong-diwata
Sa mahiwagang habagat sa ibabaw ng lupa?

O nabaitan ka lamang sa kapitan ng Memnon
Pagkat pinasakay mula sa pampang ng Hong Kong?
Ano nga ba talaga iyang gayumang nainom
Ng kolonisadong nagbalak ng kolonisasyon?

Makakamtan mo ba ang pangarap mong kalayaan
Kung ikaw ay basta tatakas patungong Sandakan?
Kontra sa Kastila, kakampi ka ba sa Aleman
O sa may kumpanyang umuupa lang din sa Sultan?

Sinulsulan ka ba nina Jaena, Luna, Blumentritt,
At iba pang nasa Europa nang di ka makinig
Sa pagtutol nga ng asawa ng iyong kapatid
Sa pagtira nang sanlibong taon sa loteng-Ingles?

Nauna ba si Pryor? O si Cook ba ang nagluto?
Kung gayon, bakit kay Despujol mo dapat isuko?
Gayong sa gulo ikaw lagi ang itinuturo?
Ngayong lalayo ka na, siya pa ba ang bibigo?

# TEODORA

Di pa man po kita nakikita,
Nasaktan kita, mahal kong Ina.
Ay, ang pagkakaroon ko po ba
Ng gahiganteng ulo ay sala?

Kaya nagmistulang alkansiya
Dahil pinuno ninyo ng pera
Itong bungo kong di makuwenta
Sapagkat walang kasinghalaga.

Utak ko pong ito ang nagdala
Sa aking puso at mga paa
Sa kung saan-saang alaalang
Alaala na rin po ng iba.

Inisip nitong mag-abogasya
Ngunit pinigil ng inhustisya.
Kaya ako ay nag-medisina
Upang mas maipagtanggol kita.

Nang ito ay umibig sa pluma,
Ikinasal sa literatura.
At sa panganay nitong nobela,
Kayo na naman po ang nagdusa.

Napatawad na po ninyo sana
Akong nangarap na ipamana
Ang mundong ito na mas maganda.
Kanino po ba ako nagmana?







# Uncle Tom's Cabin

*At ibinenta si Tom*
*Nang sa sugal malulong*
*Ang amo na si Arthur,*
*Na sa utang nabaon.*

*Ipinagbili pati*
*Ang bata na si Harry*
*Ng mag-anak na Shelby*
*Sa nagngangalang Haley.*

*Naiwan kay Augustine*
*Si Tom bilang alipin.*
*Ngunit napamahal din*
*Nang anak ay sagipin.*

*Nang pumanaw ang tatay,*
*Si Tom ay ibinigay*
*Ng nabiyudang nanay*
*Sa isang Simong brutal.*

*Siyang nagbuhay-dagang*
*Pinagkasya sa lungga.*
*Subalit nagtiyaga*
*Nang may sampalataya.*

*Nagpasaklolo siya*
*Sa kaibigan niya.*
*Ito ay walang iba*
*Kundi kan'yang Bibliya.*

*Binata niyang guro*
*Sa pagbasa nagturo.*
*Ito nga ang nangakong*
*Kaylanma'y di napako.*

*Shelby rin ang tumupad*
*Sa pangakong kakalag*
*Sa gapos sa binihag*
*Ng amang sawimpalad.*

*Para kay Tom nagbalik*
*Si George upang managip.*
*At upang managinip*
*Na sa lupa may langit!*

Ako ay naging gutóm
At uháw magkaroon
Ng bersiyong Espanyol
Nang makilala si Tom.

Siyang nagpaintindi
Kung bakit kami api.
At bakit ko nasabi
Ang *Noli Me Tangere*.

Kung sa *Uncle Tom's Cabin*
Ay sa Puti at Itim,
Ang tunggalian namin
May Krus at Espada rin.

Layong magsasalaysay
Naming nangibambayang
Kontra sa kalupitan
Ng dayuhan sa bayan.

Ngunit lahat nawala
Noong panahong takda.
Kaya para sa bansa
Ako na ang nagkusa.

Kahit ako mag-isa
Ay aking napagkasya
Sa anyo ng nobela
Ang sakop ng kolonya.

Ang tinta ko ay dugong
Sa galit kumukulo
Mula sa aking puso
At utak na nalayo.

Noon at doon hangad
Ang minsan pang mayakap
At mahagkan ka agad,
Mahal kong Filipinas!

Paano kung nagkibit-
Balikat si Harriet
At ako'y nanahimik
Laban sa panlulupig?


# Viajero

Iyo nang inawit, noon pa man, ligaya't lumbay ng manlalakbay
Na may titik at himig ng bantang talikdan ang sinilangang-bayan:




Banta mo ba ito sa nunal mo sa talampakan ng kamalayan?
O basta batas mo sa sarili na ikaw lamang ang sumusuway?







# Wilhelm Tell

*Contribucion para el Estudio de los Antiguos*
*Alfabetos Filipinos* ang tumanggal sa tuldok
At tumanggap ng hamon upang gawin mong tutuldok
Ang tuon ng mundo sa bokabularyong Tagalog!

Si Pardo de Tavera nga, matapos mong basahin,
Ang gumising sa iyo sa Leipzig para magsalin
Para sa mga pamangkin mo ng dulang *Wilhelm Tell*
Ng pilosopong si Johann Christoph Friedrich von Schiller.

Maraming nagtaka at tayo ay nakakabasa
At nakakasulat pala kaya ka nagpasiyang
Pagaanin ang termino ngunit nagkaproblema:
Sa halip na C at Q, ang iyong ginamit ay K!

Sapagkat ang nasabing letra ay isang Aleman
(At noon ang Alemanya ay mortal na kaaway
Ng Espanya sa Carolinang pinag-aagawan)
Kaya di ka raw maituturing na makabayan.

Mabuti na lamang at may kumampi pa sa iyo.
Isa rito ay ang kapatid mong si Pacianong
Iyong kasulatan at kabisadong-kabisado:
Mapa-Tagalog, mapa-Espanyol na alpabeto.

Subalit itong kuya mo yata ay napahiya
Sa iyo nang ikaw nga ay magpatulong at wala
Siyang maibigay na angkop at akmang salita
Sa *freiheit* ng Aleman o *libertad* ng Kastila.

Kaya nga napilitan kang maghanap ng katumbas
Sa *Florante at Laura* ng idolo mong Balagtas.
Hanggang ang mabigat mong suliranin ay nilutas
Ni Dolores Manapat na tapatang may pantapat.

Sa naganap, sino o ano ba ang nagkamali?
Ikaw lang ba o ang talasalitaan ng lahi?
Wala nga yatang ibang dapat sisihin kung hindi
Kalayaang hinding-hindi mo naranasan muli!

# X

Bakit ginawa sa magsing-irog
Ang pamangkain sa ibang ilog?
At ipaanod sila sa laot
Upang ibaon lamang sa limot?

Di ito iba kina Ibarra
Na nawawala pag nagpakita.
Kahit sa sintang Maria Clara
Palagi siyang nagpapaasa.

Para saan pa ang pagtatagpo
Kung uuwi rin sa paglalayo?
Para ano pa itong pagsuyo
Kung hahantong lang sa pagkabigo?

Ipagpalagay na si Elias
Ay ang kakambal ng sangang-landas:
G'wardiya sibil na naghahanap
O ang dalagang taga-Itaas.

Tawagin natin siyang Salomeng
Sa paghihintay ipinaglihi.
Wala sa lawa ang kinakasing
Piloto sanang kan'yang katabi.

Para saan pa ang pagtatagpo
Kung uuwi rin sa paglalayo?
Para ano pa itong pagsuyo
Kung hahantong lang sa pagkabigo?

Ang kay Lalake, pahalagahan
Ang kabataan at kagandahan.
Ang kay Babae, huwag iwanan
Ang bahay nila pag naghiwalay.

Tama nga kaya iyong akala
Na pag binura ang kabanata,
Maglalaho rin itong gunita
Mistulang multong bumubulaga?

Para saan pa ang pagtatagpo
Kung uuwi rin sa paglalayo?
Para ano pa itong pagsuyo
Kung hahantong lang sa pagkabigo?

Walang pambayad o nagtitipid
Sa nobela mong iyong inekis?
Di mo rin kaya itong maalis
Kaya tinanggal at ibinalik?

Makatarungan kayang isipin
Na sa pag-ibig ay gan'yan ka rin?
Matapos silang iyong mahalin
Iiwanan lang na nakabitin?

Para saan pa ang pagtatagpo
Kung uuwi rin sa paglalayo?
Para ano pa itong pagsuyo
Kung hahantong lang sa pagkabigo?





# Yumaon ka

Yumaon ka sa bahay sa ngalan ng pag-aaral:
Kay Maestro Justiniano, umabot ka sa Biñan.
Pagkaraan, nag-eksamen sa San Juan de Letran
Pero pumasok sa Ateneo de Municipal.

Sa Maynila, iyong naranasan ang makitira
Bago pa sa Santo Tomas nang mag-Pilosopiya.
Di ka naman nahirapang manungkit ng medalya
Sa tula at dula sa likod ng duda at dusa.

Yumaon ka at nakapaglayag sa ibang bansa
Makaraang may guwardiya sibil na nagpahiya?
O ang kaguruan at kaklase mo ang mahina
Kaya ba sa Europa ka nagpakadalubhasa?

Nang ang Asya at Amerika ay iyong marating,
Bakit ka pa bumalik at kumapit sa patalim?
Sa mga akda mo, maaari ka nang paslangin —
Ano at nagbalik ka upang Sabah ay sakupin?

Yumaon ka at sa Dapitan ka ipinatapon
Nang ang iyong La Liga Filipina ay nasukol.
Ngunit ang ibinuntong sisi ng mga Espanyol
Sa iyo ay di lang reporma kundi rebolusyon!

Kahit mayroon kang magsasalbang *habeas corpus*,
Ang iligtas ka sa Fort Santiago ay di-natapos.
Pagtataksil, sedisyon, at ilegal na pagkilos
Ang ilan sa mga kasong sa ulo mo pupugot.

Yumaon kang may ngiti nang di naging abogado
Pagkat usad-pagong noon ang hustisya't husgado.
Maghabol man sa tambol mayor ng Punong Ministro,
Wala pa ring pagbabago sa pagtrato sa indio.

Doon sa lote ng nagpatiwakal na pasyente
Iniwan kang walang nagawa si Reyna Rehente.
Pero mula noong ika-30 ng Disyembre,
Nanahan ka sa puso't utak namin, Lolo Pepe!

# Zero

Tatlumpu at limang taon, anim na buwan, at labing-isang araw
Ang dumaan sa iyong harapan nang mag-isa ka sa Bagumbayan.
Ikapito ng umaga noong may pait at lamig sa liwayway.
Sinundan ka sa huling hininga ng amoy-dugong katahimikan.

Pinunit ito ng hiyaw nila: “¡viva españa! ¡viva españa!”
“¡viva españa! ¡viva españa!” “¡viva españa! ¡viva españa!”
“¡viva españa! ¡viva españa!” “¡viva españa! ¡viva españa!”
“¡viva españa! ¡viva españa!” “¡viva españa! ¡viva españa!”

“¡Viva España! ¡Viva España!” “¡Viva España! ¡Viva España!”
“¡Viva España! ¡Viva España!” “¡Viva España! ¡Viva España!”
“¡Viva España! ¡Viva España!” “¡Viva España! ¡Viva España!”
“¡Viva España! ¡Viva España!” “¡Viva España! ¡Viva España!”

“¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!” “¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!”
“¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!” “¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!”
“¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!” “¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!”
“¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!” “¡VIVA ESPAÑA! ¡VIVA ESPAÑA!”

Pinigil ito ng sigaw namin: “mabuhay ang bayang filipino!”
“mabuhay ang bayang filipino!” “mabuhay ang bayang filipino!”
“mabuhay ang bayang filipino!” “mabuhay ang bayang filipino!”
“mabuhay ang bayang filipino!” “mabuhay ang bayang filipino!”

“Mabuhay ang bayang Filipino!” “Mabuhay ang bayang Filipino!”
“Mabuhay ang bayang Filipino!” “Mabuhay ang bayang Filipino!”
“Mabuhay ang bayang Filipino!” “Mabuhay ang bayang Filipino!”
“Mabuhay ang bayang Filipino!” “Mabuhay ang bayang Filipino!”


“MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!” “MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!”
“MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!” “MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!”
“MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!” “MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!”
“MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!” “MABUHAY ANG BAYANG FILIPINO!”

Dito ka nga dati pinaluhod ng guwardiyang namamahiya.
Dito ngayon binabantayan kang bantayog na ibinabandila.
Dito rin sa pinagwakasan mo, lahat ng hakbang nagsisimula.
Dito ikaw lang ang manlilikha ng isang bansa mula sa wala.





## Tungkol kay VIM NADERA



Si Vim Nadera ay isang premyadong makata, mandudula, kuwentista, sanaysayista, at mananaliksik. Maliban sa pagkamit ng sari-saring parangal (Makata ng Taon, Gantimpalang Carlos Palanca, Gawad Carlos Bulosan, at Gawad Leopoldo Yabes), tinagurian din si Nadera na isa sa  mga The Outstanding Young Men (TOYM) noong 2003. Noong 2006, tinanggap niya ang prestihiyosong South East Asia (SEA) Write Award mula sa Hari ng Thailand. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas kung saan niya tinapos ang Ph.D. Philippine Studies noong 2012.

## Tungkol kay ELMER BORLONGAN



Nagsimulang gumuhit at magpinta si Elmer Borlongan noong 11 taong gulang pa lamang siya. Nag-aral siya at nagtapos ng *Bachelor of  Fine Arts major in painting* sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Kahit estudyante pa lamang sa kolehiyo, nagkamit na siya ng karangalan sa iba't ibang patimpalak na kanyang sinalihan. Isa si Borlongan sa mga 1994 Thirteen Artists *awardees*, isang prestihiyosong karangalang iginagawad ng CCP. Tinanggap rin niya ang Artist of  the Month Award mula sa GSIS Museum of Art noong 1997, at pinakahuli, ang Award for Continuing Excellence and Service ng Metrobank Foundation noong 2004. Kasalukuyang nakatira si Borlongan sa San Antonio, Zambales.

# RIZALPABETO

Itinatampok sa *Rizalpabeto* ang mga tula ni Vim Nadera at ang mga obra ni Elmer Borlongan. Isa itong kolaborasyon ng dalawang alagad ng sining na kapuwa nagsikap itawid ang tradisyon ng pagpinta at pagtula sa makabagong teknolohiya.


Bilang pagdiriwang ng ika-150 anibersaryo ng kaarawan ni Jose Rizal, nagpugay si Nadera sa tulong ng mga talinghaga tungkol sa talambuhay/tulambuhay, at iba pang tungkulin ng ating pambansang bayani gamit ang tanaga, awit, korido, at mga eksperimental na anyong lalabinlimahin, tulang akrostiko, at artistiko o biswal o kongkreto. Ang koleksiyong ito ay nagtampisaw sa mga moda/modo at tinig/tono ng persona, tauhan, at kung anu-ano pang puntodebista.

Ayon dito, lumikha si Borlongan ng bukod-tanging mga dibuho base sa *letras ý figuras*, isang Filipinong estilo ng pagpinta kung saan ang bawat titik ay hinuhubog mula sa hugis ng mga tao, halaman, hayop, at mga bagay-bagay. Ang lahat ng mga guhit rito ay ipininta ni Borlongan gamit ang iPad.

Unang itinanghal ang *Rizalpabeto* bilang isang eksibit sa ManilArt'11 na nagtampok sa piling *limited edition giclee prints* ng *letras ý figuras* ni Borlongan at ang *time lapse video* ng kanyang pagpinta sa iPad, saliw sa pagbigkas ni Nadera ng kanyang mga tula. Nagtanghal rin ng ikalawang eksibit sa Manila Contemporary Gallery noong Mayo hanggang Hunyo ng 2012 bilang bahagi ng *Through the Looking Glass: Jose Rizal*.

Ang *Rizalpabeto* ay proyekto ng Center for Art, New Ventures and Sustainable Development (CANVAS), isang *non-profit organization* na naglalayong higit na palaganapin at pahalagahan ang sining at kulturang Filipino. Nagpapasalamat ang CANVAS sa suporta ng National Commission on Culture and the Arts (NCCA) sa proyektong ito at kina J Pacena II at Marika B. Constantino na nagsilbing mga *curator*.

Layunin ng CANVAS na palaganapin at linangin ang ating hilig sa pagbabasa kung kaya't maaari rin ninyong basahin at i-*download* nang libre ang aming mga libro mula sa www.canvas.ph.




BAGUMBAYAN
CALAMBA
ARTE METRICA
DEL TAGALOG
RIZALISTA
ORAKULO
PACIANO
YUMAON KA
EL FILIBUS
JOSEPHINE
WILHELM
TEODORA
TELL
GOMBURZA
EXPOSITION UNERSELLE
1889 DE PARIS

Sa ika-150 anibersaryo ng kaarawan ni Jose Rizal,

Inihahandog ng CANVAS *(www.canvas.ph)*

Ang mga tula ni Vim Nadera

At ang mga dibuho ni Elmer Borlongan.

Isang kolaborasyon ng dalawang alagad ng sining…

Isang pag-uusap sa pagitan ng tradisyon

ng pagpinta at pagtula,

at ng makabagong teknolohiya

ng iPad.

Rizalpabeto.

www.canvas.ph
celebrating philippine art, culture and environment

NCCA

ISBN 978-971-94975-4-7

9 789719 497547